# LAPIS AT PAPEL



Ako ay may lapis. Ang lapis ko ay bago. Ang lapis ko ay dilaw.

Ako ay may papel. Ang papel ko ay bago. Ang papel ko ay puti.

Hawak ko ang lapis. Hawak ko ang papel. Kaya kong gumuhit. Gamit ko ang lapis. Gamit ko ang papel.

Ano kaya ang aking iguguhit? Gumuhit ako ng lapis at papel!

LIVEWORKSHEETS

**Piliin ang tamang sagot sa tanong.**

1. Ano ang pamagat ng binasa mo?
   a. Ang Lapis Ko
   b. Ang Guhit Ko
   c. Lapis at Papel
2. Ano ang kulay ng lapis?
   a. puti b. dilaw c. pula
3. Ano ang kulay ng papel?
   a. puti b. dilaw c. pula
4. Alin ang tama?
   a. Ang lapis ay bago at ang papel ay luma.
   b. Ang papel ay luma.
   c. Ang lapis at papel ay bago.
5. Nasaan ang lapis at papel?
   a. Hawak niya.
   b. Itinago niya.
   c. Ibinigay niya.
6. Ano raw ang kayang gawin ng bata?
   a. magsulat b. magbasa c. gumuhit

LIVEWORKSHEETS

7. Ano ang gagamitin niya gawin ito?
    a. Lapis at papel
    b. Lapis lang
    c. Papel lang
8. Ano ang makikita sa papel.
    a. Guhit ng laruan niya.
    b. Guhit ng mag-anak niya.
    c. Guhit ng lapis at papel.

LIVEWORKSHEETS